Ang sinumang nagwaksi ng ṣalāh sa hapon, bumagsak nga ang gawa niya."}

Ayon kay Buraydah bin Al-Ḥuṣayb (malugod si Allāh sa kanya), siya ay nagsabi: {Magpakaaga kayo sa ṣalāh sa hapon sapagkat tunay na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang sinumang nagwaksi ng ṣalāh sa hapon, bumagsak nga ang gawa niya."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy]

Nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagpapahuli ng ṣalāh sa hapon nang lampas sa oras nito nang sinasadya at na ang sinumang gumawa niyon ay nawalang-saysay at nasira ang gawa niya at napunta sa wala.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/6261